

MAGHANDA PARA SA Pagtigil ng Kuryente para sa Kaligtasan ng Publiko

Dahil sa patuloy at lumalaking banta ng matinding lagay ng panahon, nais namin na kayo ay nakahandang harapin ang potensyal na pagkawala ng kuryente. Kung may matinding panganib ng sunog sa isang bahagi ng electric system na naglilingkod sa inyong komunidad, maaaring kailanganin naming patayin ang kuryente sa interes ng kaligtasan ng publiko. Ito ay tinatawag na Public Safety Power Shutoff.

Ano ang maari mong asahan:



Public Safety Power Shutoff Event:

Kapag ang mga kondisyon ng panganib ng sunog ay iniulat, maaaring kailanganin ng PG&E na patayin ang kuryente para sa kaligtasan.



Patuloy na Pagbibigay ng Paunawa:

Magbibigay kami ng patuloy na paunawa tungkol sa posibleng Public Safety Power Shutoff sa pamamagitan ng social media, local news, radyo at sa pge.com.



Pagpapanumbalik ng Kuryente:

Pagkalipas ng matinding lagay ng panahon at kung ligtas na gawin ito, ang aming crew ay mag-sisiyasat ng mga linya kung ang mga ito ay ligtas na bago ibalik ang kuryente. Para sa inyong pagpa-plano, **maghanda sa pagkawala ng kuryente na maaring tumagal ng mahigit sa 48 oras.**

Papaano kayo makapaghahanda:



I-update ang inyong contact information

sa inyong kasero/landlord o master meter account holder upang matiyak na mayroon silang pinakabagong impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa inyo, upang makapagbahagi sila sa inyo ng mga paunawa nang maaga bago pa man mangyari ang isang kaganapan.



Mag-buo o Mag-restock ng Inyong Emergency Kit

Isama ang flashlight, bagong baterya, first aid supplies, at pera.



Magplano para sa Pangangailangang Medikal

tulad ng mga gamot na nangangailangan ng pagpapalamig o mga aparato na nangangailangan ng kuryente. Kung ikaw o ang isang tao sa iyong sambahayan ay nangangailangan ng paggamit ng medikal o aparatong pang-suporta sa buhay, mag-apply sa programang Medical Baseline ng PG&E sa pge.com/medicalbaseline upang makatanggap ng mga karagdagang paunawa tungkol sa Public Safety Power Shutoff.



Sundan kami sa Social Media

Siguruhing sundan ang PG&E sa Twitter (@PGE4Me), Facebook (@pacificgasandelectric) at Instagram (@pacificgasandelectric) para sa mga pinakabago at kasalukuyang kaganapan. Ang impormasyon ay makikita rin sa pge.com.



Karagdagang impormasyon tungkol sa programa ng PG&E na Community Wildfire Safety Program, kasama ang mga paraan upang matulungan kayong maghanda ay makukuha rin sa pge.com/wildfiresafety. Maaari kayong mag-email sa amin sa wildfiresafety@pge.com ng anumang katanungan.

Dahil sa mga wildfires noong 2017 at 2018, ang ilan sa mga pagbabago na kasama sa dokumentong ito ay pinag-isipan bilang mga karagdagang hakbang sa pag-iingat upang mabawasan ang panganib ng sunog sa hinaharap.